



たすけあインコ

シールハイハイ

シールぼうや

Ang bakunang BCG ay isang bakuna para sa pag-iwas sa tuberculosis

Pinapangasiwaan ni Honorary Director ng The Research Institute of Tuberculosis, Japan Anti-Tuberculosis Association, Dr. Toru Mori

Sa palagay mo ba ang tuberculosis ay isang sakit noong unang panahon?

Ang tuberculosis ay isang nakakahawang sakit kung saan higit-kumulang 10,000 pasyente pa rin sa taun-taon ang nagkakaroon nito sa Japan.

Maraming mga matatandang pasyente, ngunit hindi bihira para sa mga adulto na makahawa ng mga bata.

Bukod dito, ang resistensya laban sa tuberculosis ay hindi nakukuha mula sa ina.

Ang mga sanggol ay mahina ang resistensya sa tuberculosis, kaya maaari silang magkaroon ng Systemic Tuberculosis o Tuberculosis Meningitis o posibilidad ng matinding after-effects.

Ano ang bakunang BCG?

Ang bakunang BCG ay isang live vaccine na gawa mula sa pinalabnaw na *Mycobacterium bovis*. Isang aparato na tinatawag na multiple puncture device ang idinidiin sa dalawang parte ng labas ng itaas na braso at ibabakuna.



ツベリーナ

Panahon ng regular na pagbabakuna ng bakunang BCG

Ang bakunang BCG ay ibinibigay bago sumapit ang 1 taong gulang mula ng ipanganak. Karaniwan itong ibinibigay sa pagitan ng 5 buwan hanggang bago sumapit ang 8 buwang gulang mula ng ipanganak, ngunit maaari itong ibigay nang mas maaga (mula ng 3 buwang gulang mula nang ipanganak).

Bilang karagdagan, kung hindi nakatanggap ng pagbabakuna sa nabanggit na panahon dahil sa pagkakaroon ng sakit na kinakailangan ng pangmatagalang panggagamot, maaaring tumanggap ng pagbabakuna sa loob ng 2 taon pagkatapos ng panahon na maaaring tumanggap ng pagbabakuna (subalit, bago mag 4 na taong gulang).



Mga dapat tandaan pagkatapos ng pagbabakuna

Iwasan na direktang masikatan ng araw at patuyuin ang bahagi na iniksyunan. Maaaring maligo, ngunit huwag kuskusin o kamutin ang bahagi na iniksyunan.

Sa paglipas ng oras pagkatapos ng pagbabakuna

Humigit-kumulang 10 araw matapos ang pagbabakuna, may lilitaw na mga pulang butlig sa bahagi na iniksyunan, at pagkatapos nito ay maaaring magkaroon ng maliliit na nana sa ilang bahagi. Ang reaksiyon na ito ay pinakamatindi higit-kumulang 4 hanggang 6 na linggo matapos ang pagbabakuna, ngunit pagkatapos nito ay ito ay magkakaroon ng langib na gagaling ng mga 3 buwan matapos ang pagbabakuna hanggang 4 na buwan matapos ang pagbabakuna at mag-iiwan ng maliit na peklat. Ito ay isang normal na reaksiyon at tanda ng immunity mula sa bakunang BCG. Para sa mga ganitong pagbabago sa balat, huwag lagyan ng benda o ng band-aid at panatilihin malinis ito.

Pangkalahatang progreso pagkatapos ng pagbabakuna



2 linggo matapos ang pagbabakuna

4 linggo matapos ang pagbabakuna

6 linggo matapos ang pagbabakuna

10 linggo matapos ang pagbabakuna

4 na buwan matapos ang pagbabakuna

Ukol sa mga side effects

Ang bahagi na iniksyunan ay maaaring hindi matuyo makalipas ang 3 buwan matapos ang pagbabakuna o nagiging basa muli kahit natuyo na ito.

Gayundin, may mga bihirang kaso kung saan mamamaga ang lymph node sa kilikili sa gilid kung saan iniksyunan ng bakunang BCG. Karaniwan, kailangan lamang obserbahan ang sitwasyon nito, ngunit maaari itong mamaga nang malaki o magnana at kusang lumalabas ang nana.

Ikonsulta sa doktor kapag lumitaw ang mga ganitong sintomas o pagbabago sa pisikal na kondisyon.

Ukol sa Koch's Phenomenon

Kapag mabilis na lumabas ang reaksiyon pagkatapos ng pagbabakuna



Kung ang sanggol na nahawaan na ng tuberculosis ay binakunahan ng bakunang BCG, maaaring magkaroon ng malakas na reaksiyon sa bahagi ng iniksyunan nang mas maaga kaysa karaniwan (1 hanggang 5 araw matapos ng pagbabakuna). Ito ay tinatawag na Koch's Phenomenon.

Kapag sa palagay na maaaring ito ay isang Koch's Phenomenon

- 1 Kung may napansing pagbabago, tiyaking magpatingin sa doktor na nagsagawa ng pagbabakuna sa loob ng 2 hanggang 3 araw

Kung nakaranas ng Koch's Phenomenon, maaaring nahawaan ng tuberculosis ang iyong anak nang hindi mo alam. Kailangan magpasuri upang malaman kung talagang nahawaan ang iyong anak ng tuberculosis o hindi. Sa kaso ng grupong pagbabakuna o kapag hindi makontak ang iyong doktor, kumunsulta sa vaccination section ng iyong munisipalidad. Gayunpaman, hindi ito emerhensiya upang pumunta sa emergency department. Gayundin, ang rate ng mga batang nagkakaroon ng tuberculosis ay naging napakababa sa Japan nitong mga nakaraang taon. Sa resulta ng pagsisiyasat, madalas ay hindi sila nagkaroon ng tuberculosis, kaya't huwag mag-panic.

- 2 Mababawasan ang pamamaga pagkatapos ng 2 hanggang 4 na linggo matapos ang pagbabakuna

Kahit na may makikitang pagbabago sa balat sa bahagi na iniksyunan tulad ng pamumula, pamamaga, at may nana, maaaring lagyan ng gauze o iba pang paggamot. Gagaling ito hanggang sa marka ng karayom na lamang ang natitira pagkatapos ng 2 hanggang 4 na buwan matapos ang pagbabakuna.

Halimbawa ng Koch's Phenomenon



2 araw matapos ang pagbabakuna

5 araw matapos ang pagbabakuna

7 araw matapos ang pagbabakuna



Mabilis na pagbabago (iritasyon, pamamaga at iba pa) sa loob ng 3 araw matapos ang pagbabakuna ang katangian nito. Mas mabilis itong gumaling kaysa sa karaniwan.